SANDIWA
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE
ABRIL-DISYEMBRE 2018 | BOCAUE, BULACAN | VOL. XXXII ISSUE 1

**OPERATION HIGHLIGHTS**
As of December 2018
**Php 2.187 B** Total Assets
**Php 530 M** Total Share Capital
**51,400** Total Regular Members

# PAGBIBIGAY NG INTEREST SA SHARE CAPITAL, ISINAAYOS
## (Patronage Refund, Taunan ng Ibibigay!)

NI: MELISSA TIQUIZ

**Simula Enero 2019, ipatutupad ang Polisiya sa Pagbibigay ng Interest sa Saping Puhunan o Share Capital ng mga kwalipikadong miyembro ng St. Martin Coop upang maisaayos at maidokumento ang tamang kwenta at pagbibigay ng nasabing interest. Ayon sa polisiyang ito, ang interest na makukuha at ang papasukang "account" nito ay nakasalalay sa halaga ng Share Capital at sa pagsunod sa pagbabayad ng utang sa takdang petsa. Ang share capital deposit na halagang P500.00 pataas ay may karampatang interest maging ano man ang membership status ng isang kasalukuyang aktibong miyembro.**

Kung ang Share Capital ng isang miyembro ay nagkakahalaga ng P20,000.00 pataas at kung may utang na hindi past due ng higit sa 180 araw, ang kalahati o 50% ng interest na kaniyang makukuha ay idadagdag sa kanyang kasalukuyang Share Capital at ang 50% na matitira ay papasok naman sa Savings Deposit. Kung ang Share Capital naman ay nagkakahalaga ng mas mababa sa P20,000.00, ang kabuuan o 100% ng interest ay mapupunta sa Share Capital. Ngunit kung ang miyembro ay may utang at ito ay past due ng 181 araw pataas, kahit gaano pa kalaki ang Share Capital, mapupunta lamang ito bilang pambayad sa utang.

Sa kabilang dako, kung ang miyembro ay patuloy na tumatangkilik sa mga produktong pautang ng Kooperatiba, may Balik Tangkilik o Patronage Refund (PR) na ibibigay bilang insentibo sa pagiging Good Payer. Kung may utang at ito ay hindi past due ng 31 araw pataas, 100% ng PR ang mapupunta sa Savings Deposit ngunit kung ang utang ay past due ng 31 araw pataas, ang makukuhang PR ay ipambabayad sa utang. Ito ay ipatutupad sa lahat ng klase ng pautang maliban sa Insta-Cash Loan. Kung dati ay kailangan pang tapusin ang term ng utang at mabayaran ito bago magkaroon ng PR, ngayon ay taun-taon na itong ibibigay simula sa taong 2018.

Kaya't ano pang hinihintay n'yo? Halina't magpa-miyembro na sa Kooperatiba at tangkilin ang mga produkto nito upang matamasa ang mga benepisyong nabanggit. At kung ikaw naman ay miyembro na, sikaping palakihin pa ang iyong Share Capital at ugaliin ang pagbabayad ng utang sa takdang araw. Dahil sa St. Martin Coop, nakautang ka na, may interest sa Share Capital at Patronage Refund ka pa!




# Issuance ng Share Capital Certificate, Isinagawa



NI: MARICRIS EUGENIO

**Bilang pagtalima sa regulasyon ng Cooperative Development Authority (CDA), sinimulan ng St. Martin Coop ang pamamahagi ng katibayan ng pagmamay-ari o Share Capital Certificate (SCC) sa taong 2018. Ito ay isinagawa noong ika-14 ng Abril 2018 kasabay ng pagdaraos ng 49th General Assembly ng Kooperatiba na ginanap sa Sto. Niño Academy, Bocaue, Bulacan. Ito'y taunan nang isasagawa sa mismong araw ng General Assembly. Gayunman, ang mga inisyung SCC ay may bisa sa loob ng limang taon.**

Base sa Polisiya para sa Pagbibigay ng Share Capital Certificate, makakatanggap lamang ng SCC ang mga ka-may-ari na aktibo at may Share Capital na hindi bababa sa dalawampung libong piso (P20,000.00). Ang ika-31 ng Disyembre ng bawat taon ang itinakdang basehan ng pagkuha ng listahan ng mga miyembrong pumasa sa nasabing pamantayan.

Layunin ng gawaing ito na mabigyan ng katibayan ng pagmamay-ari ang mga kasapi, mapangalagaan ang katatagan ng Kooperatiba, at makasunod sa mga patakarang ipinatutupad ng CDA. Ang hakbang na ito ay isa sa mga patunay ng pagpapahalaga ng St. Martin Coop sa lahat ng mga ka-may-ari at sa kanilang patuloy na pagtangkilik sa mga serbisyo nito. Kung kaya naman, patuloy din ang paghimok sa mga ka-may-ari na kunin at pag-ingatan ang kanilang SCC.

Bilang paalala, ang SCC ay nangangailangan ng mahigpit na pangangalaga. Hindi ito dapat maiwala o ipamigay sa iba sapagkat ito ay kinakailangang ibalik sa St. Martin Coop kung nanaisin ng kasapi na magbayad ng utang gamit ang Share Capital, maglipat ng Share Capital sa ibang account, o tuluyang isara at kunin ang kaniyang Share Capital.
Kung sakaling masira o maiwala ang SCC ng hindi sinasadya, kailangan na makapag-sumite ng notaryadong Affidavit of Loss bago makakuha ng panibagong SCC. Ang SCC ay hindi rin maaring ibenta sa ibang tao o gamitin sa mga transaksiyon na walang kaugnayan sa St. Martin Coop.

Sa pagkuha ng SCC, kinakailangan na maipakita ang membership I.D. o kahit anong valid I.D. bilang patunay ng pagkakakilanlan. Kung sakali naman na ipakukuha ang SCC sa isang kinatawan, kailangan makapagbigay ng "letter of authorization" na may lagda kasama ng I.D ng kinakatawan at ng kumakatawan.

Para sa kwalipikadong ka-may-ari na hindi pa nakukuha ang kanilang mga SCC, at para rin sa mga paglilinaw o katanungan tungkol dito, maaaring makipag-ugnayan sa sangay ng St. Martin Coop na inyong kinabibilangan.

COOP UPDATE

# Gender and Development Mainstreaming, Bida sa Region III COOP Congress

NI: MARC EMMAN DAVE REYES

**Sa kauna-unahang pagkakataon, pinangunahan ng St. Martin Coop ang pagdaraos ng Central Luzon Regional Coop Congress na ginanap noong ika-16 at 17 ng Oktubre 2018 sa Hiyas ng Bulacan Convention Center. Ito ay isinagawa bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Kooperatiba sa pakikipagtulungan ng Bulacan Provincial Government, CDA Region III, Regional Cooperative Development Council at ng Gender Equality Resource Center, Inc.**

Nagbigay ng kani-kaniyang pambungad na pananalita at pagbati sina Gov. Wilhelmino M. Sy-Alvarado, Vice-Gov. Daniel R. Fernando, Cong. Jonathan R. Sy-Alvarado, Provincial Board Member Allan Ray A. Baluyut, Rep. Michael C. Fermin ng Alay-Buhay Party-list, CDA Chairperson Orlando R. Ravanera at Herminda Z. Valeriano, Chairperson ng St. Martin Coop.

Taglay ang temang "Coop Growing More through Gender and Development (GAD) Mainstreaming", tinalakay ni Salome A. Ganibe, GERC Senior Consultant ang tungkol sa

SUNDAN SA PAHINA 2



Si Atty. Soledad Cabangis habang nagbibigay ng kanyang kaalaman tungkol sa paksang "How to be a Gender Advocate".

# Alternative Payment Channels, Itinakda

NI: OLIVE MANUEL

**Ikaw ba'y abala? Araw-araw pumapasok sa opisina? Ikaw ba'y 'di makaalis ng bahay? O sa iyong tindahan ay walang bantay? Naiinis ka ba sa traffic? O ayaw lang lumabas dahil sa sobrang init? Mga dahilan kung kaya't minsan ay hindi makasadya sa sangay ng Kooperatiba. Sanhi upang hindi mabayaran ang loan ng maaga. Huwag mag alala, maaari ng maiwasan ang multa. Ang solusyon ay narito na!**

Mas pinadali at pinarami pa ng St. Martin Coop ang pamamaraan upang ang mga miyembro ay maginhawang makapagbayad ng utang. Bukod sa nakasanayang pagsadya sa opisina o pagbabayad ng utang sa kulektor o Field Teller, maaari na ring magbayad ng utang sa mga authorized payment channels ng St. Martin Coop tulad ng SM Bills Payment sa SM City Marilao, Baliuag, at Cabanatuan, Savemore Meycauayan at Sta. Maria, Banco de Oro Branches nationwide, at Bancnet online. Pinapaalalahanan din ang lahat na kung magbabayad sa SM Bills Payment o sa Savemore, mangyaring dagdagan ng P12.00 ang inyong hulog para sa kaukulang Convenience Fee na sinisingil ng SM.

Sakaling naisin na magbayad sa Field Tellers, may kaakibat na Convenience Fee na kailangang bayaran. Ito ay nagkakahalaga ng P15.00 per loan account kung ang miyembro na nagpapakulekta ay nakatira sa loob ng bayan na kung saan naroon ang sangay ng Kooperatiba, at P30.00 per loan account naman para sa mga miyembrong naninirahan sa labas ng bayan. Dapat rin silang pumirma sa form ng Conformity to Pay Convenience Fee bilang patunay na nais nilang regular na magpakulekta sa Field Teller.

Tulad ng mga bangko at authorized payment channels, ang paniningil ng Convenience Fee ay para sa iwas-abala at ginhawang idudulot ng pagbabayad sa Field Teller. Sa dami ng kaparaanan o lugar kung saan maaaring magbayad ng utang sa St. Martin, sigurado na kayo'y mananatiling GP at penalty-free.

# POLISIYA SA DORMANCY, BINAGO

NI: NOLY GALONA

**Ang perang pinag-ipunan, huwag hayaang maubos ng di inaasahan. Alamin ang tungkol sa pagkakaroon ng dormant account at ang kahihinatnan nito dahil lamang ang may alam!**

Ang dormant account ay tumutukoy sa savings account na walang deposit o withdrawal transaction sa loob ng dalawang taon o higit pa. Ang pagki-credit ng interest ay hindi maituturing na paggalaw ng account. Sakop ng dormancy ang Associate Savings, St. Martin Cares Savings (SMCS) at TIPID Savings.

Sa sandaling matukoy na dormant ang isang savings account, papatawan ito ng kaukulang dormancy fee na ikakaltas bawat buwan sa balanse ng account hanggang sa ito ay maubos at tuluyang maisara. Ang halaga ng dormancy fee ay P30.00 para sa Associate Savings at SMCS samantalang P20.00 naman para sa TIPID Savings.



Ang mga depositors na may dormant accounts at may P1,000.00 pataas na balanse ay padadalhan ng sulat-paalala upang mahikayat na i-reactivate ang kanilang accounts at mapigilan ang awtomatikong paniningil ng dormancy fee. Sa kabilang dako, ilalathala naman sa Sandiwa, ang opisyal na pahayagan ng St. Martin Coop, ang listahan ng mga dormant accounts na may balanseng mababa sa P1,000.00. Karaniwan ding ipinapaskil ang dormancy list sa lobby ng mga sangay ng Kooperatiba. Tandaan na hihinto lamang ang pagkuha ng dormancy fee sa sandaling i-reactivate ang account sa pamamagitan ng muling pagdedeposit o pagwi-withdraw dito.

Ang mga nasingil na dormancy fee ay mapupunta sa Other Income at St. Martin Musmos Aralan Fund samantalang ang matitirang minimum na halaga sa prime savings ay idadagdag naman sa General Reserve Fund ng Kooperatiba.

Kaya, upang maiwasan na maging dormant ang isang savings account, ugaliing regular na mag-impok o maghulog dito.

Gender and Development Mainstreaming... MULA PAHINA 1

"Presence of GAD in the Cooperative System". Ipinaliwanag naman ni CDA Director Marieta P. Hwang ang mga memo circulars na may kaugnayan sa GAD samantalang "How to be a Gender Advocate" ang buong siglang ibinahagi ni Atty. Soledad DV. Cabangis, Chairperson ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO) at Second Vice-President ng Association of Asian Confederation of Credit Unions (ACCU).

Isinalaysay rin ng mga kinatawan ng St. Martin Coop ng Bulacan, Iwahori Multi-Purpose Cooperative ng Bataan, Moncada Women's Credit Cooperative ng Tarlac, Angeles City Employees Multi-Purpose Cooperative at Apalit Small Christian Communities Multi-Purpose Cooperative ng Pampanga ang kani-kanilang GAD Journey.

Sa ikalawang araw ng pagtitipon, inilahad ni Director Irma Cruz, Chairperson ng GAD Committee ng St. Martin Coop ang "Declaration and Call to Action" na inaprubahan ng mga delegado. Ito ay kinapapalooban ng GAD mainstreaming sa mga kooperatiba, tax exemption ng mga kooperatiba, at paghirang sa lalawigan ng Bulacan bilang Coop Capital ng Pilipinas.

Sa kabuuan, may 1,000 delegado buhat sa iba't ibang mga kooperatiba sa Region III ang lumahok sa Coop Congress na ito.




*Vandalism? Hindi po! Show of support ito ng GAD Congress delegates sa paghirang sa Bulacan bilang Cooperative Capital ng Pilipinas.*



## SA PAGKAKASAKIT, MAY MEDICAL ASSISTANCE BENEFIT

NI: ROSEL P. VENTURA

**Ikaw ba ay miyembro ng St. Martin Coop na nagkasakit na ay naospital pa? Pwes, ikaw ay makatatanggap ng Medical Assistance Benefit (MAB) mula sa Kooperatiba. Ang pamantayan sa pagkakaloob ng naturang benepisyo ay ang mga sumusunod:**

- **Miyembro ng St. Martin Coop sa loob ng isang taon o higit pa.**
- **May hindi bababa sa P5,000.00 Share Capital at P500.00 sa Savings Deposit sa nakalipas na anim (6) na buwan.**
- **May ACTIVE membership status.**
- **Hindi delingkwente sa pagbabayad ng utang ng higit sa 30-araw sa nakalipas na anim (6) na buwan.**
- **GP sa loob ng minimum na isang taon kung ang loan ay na-restructure.**

Kung ang miyembro ay may Gold membership classification, maaari niyang ilipat ang kanyang karapatan na tumanggap ng nasabing benepisyo sa alinman sa kanyang sumusunod na ka-pamilya: (1) Anak na edad 7 hanggang 17; (2) Asawa; o (3) Magulang na ang edad ay hanggang 65 lamang.

Ang pagkuha ng MAB at pagpapasa ng mga kinakailangang dokumento ay dapat isagawa sa loob ng apatnapu't limang (45) araw mula sa huling petsa ng pagkaka-confine sa ospital o matapos sumailalim sa out-patient procedure ng miyembro o kanyang ka-pamilya. Ang halaga ng benepisyo ay mula P500.00 hanggang P3,000.00 bawat taon depende sa laki ng Share Capital at halaga ng bill sa ospital. May P500.00 diskwento sa premium ng 1 Coop Health Insurance din na naghihintay kung ang tatanggap ng MAB ay isang Class A Borrower.

Samantala, hindi bibigyan ng MAB kung ang dahilan ng pagkaka-ospital ay ang mga sumusunod: *executive check-up, self-inflicted and/or provoked injuries, plastic surgery, induced abortion, injuries sustained in the commission of a crime, sickness/ injuries caused by illegal business, drug/alcohol abuse and attempted suicide.*

# Maging Handa, Maging Secured sa Insurance na Aprub!

NI: JEAN ERIZ R. GALANG

**Ang St. Martin Coop sa pamamagitan ng Cooperative Assurance Center at sa tulong ng CLIMBS Life General Insurance Cooperative ay naghahandog ng healthcare at accident insurance na abot-kaya ang premium. Sa halagang P50.00 annual premium para sa Group Student Accident Plan at P10.00 bawat araw o P3,600.00 annual premium para sa 1 Coop Health, tiyak na protektado ka. Narito ang mga benepisyo at serbisyong kaakibat ng naturang insurance products:**

Para sa Group Student Accident Plan:

- *Ang insured ay makakatanggap ng hanggang 100% na insurance coverage na katumbas ng P30,000.00 kung ang pagkamatay ay sanhi ng aksidente, unprovoked murder or assault.*
- *Ang insured ay makakatanggap ng benepisyo base sa dismemberment schedule kung ang pagkakaroon ng kapansanan ay dulot ng aksidente.*
- *Ang insured ay bibigyan ng 200.00 kada araw na hindi lalampas sa 30 days kung siya ay ma-oospital sanhi ng aksidente.*
- *Para sa dagdag benepisyo, ang CLIMBS ay magbibigay ng 3,000.00 para sa Accident Medical Expense*
- *Burial Benefit para sa legal beneficiaries ng pumanaw.*

Para naman sa 1 Coop Health, ang enrollee ay maaring makakuha ng:

- *Libreng health preventive maintenance tulad ng annual physical exam*
- *Out-patient services gaya ng medical consultation P10,000.00 annual coverage para sa laboratory examination Libreng follow-up check-up at gamot na gagamitin sa loob ng klinika*
- *Emergency Treatment P30,000.00 annual coverage 24/7 coverage para sa lahat ng emergency cases*
- *Confinement sa 1 Coop Health accredited hospitals P30,000.00 per single confinement per illness• P60,000.00 maximum benefit limit per illness per year*
- *Dental Care Services gaya ng consultation, annual prophylaxis, simple tooth extraction at temporary fillings sa 1 Coop Health accredited dental clinics*
- *Financial assistance para sa legal beneficiary ng isang enrollee Natural death = P10,000.00 Accidental death = P20,000.00*



*Isang MOA signing ang naganap sa pagitan ng CLIMBS at Dr. Yanga Hospital bilang isa sa accredited hospitals ng 1Coop Health.*

Ang mga accredited hospitals ng 1 Coop Health ay ang Dr. Yanga's Hospital sa Bocaue, Bataan Peninsula Medical Center sa Dinalupihan , at Bataan Doctors and Medical Center sa Balanga.

Ang Group Student Accident Plan ay bukas para sa edad 4 hanggang 65 taong gulang samantalang ang 1 Coop Health naman ay para sa lahat ng kasaping 18 hanggang 65 taong gulang. Para sa karagdagang detalye o tanong, maaaring makipag-ugnayan sa Cooperative Assurance Center na matatagpuan sa Poblacion Annex, Bocaue, Bulacan o tumawag sa cellphone nos. 0932.848.1125 at hanapin si Ms. Veronica San Pedro.

# USAPANG LEGAL

NI: ARNEL M. PALON

**Kayo ba ay may asawa na nawawala at hindi na ninyo nakita sa matagal nang panahon? At sa kawalan ng pag-asa na sila ay muli pang magbabalik ay ninais ninyong muling makapag-asawa? Ano ang legalidad ng bagay na ito? Tunghayan natin ang sinasabi ng batas tungkol dito.**

**PRESUMPTION OF DEATH AND REMARRIAGE (ANG PAG-AAKALANG PATAY NA ANG ISANG TAO AT ANG MULING PAGPAPAKASAL)**

**ITO ANG SINASABI SA ARTICLE 41 NG ATING FAMILY CODE:**

"A marriage contracted by any person during the subsistence of a previous marriage shall be null and void, unless before the celebration of the subsequent marriage, the prior spouse had been absent for **four (4) consecutive years** and the spouse present had a well-founded belief that the absent spouse was already dead. In case of disappearance, where there is danger of death under the circumstances set forth in the provision of Article 391 of the Civil Code, an absence of only two (2) years shall be sufficient".

**ANU-ANO NAMAN ANG MGA SIRKUMSTANSIYANG ITINAKDA SA ARTICLE 391 NG ATING CIVIL CODE KUNG SAAN MAY "DANGER OF DEATH" O MAY MATAAS NA PANGANIB NG KAMATAYAN? ITO AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Isang tao na sumakay ng eroplano o barko na nawawala at hindi mo na nakakausap sa loob ng 2 taon;
2. Isang tao na kaanib ng militar na sumali sa isang giyera o anumang operasyong militar at nawawala na sa loob ng 2 taon; at
3. Anumang sitwasyon na may mataas na tyansa ng kamatayan na naganap sa loob ng 2 taon.



**TANONG: KUNG ANG IYONG ASAWA AY HINDI MO NA NAKIKITA SA LOOB NG APAT O HIGIT PANG TAON, MAAARI KA NA BANG MULING MAGPAKASAL AGAD?**
**SAGOT:** HINDI.

Kahit gaano katagal mo nang hindi nakikita ang iyong asawa at inakalang ito ay patay na, kinakailangan mo munang kumuha ng alinman sa mga sumusunod sa korte bago ka muling maikasal ng legal:

1. Death Certificate of the Deceased Spouse
2. Judicial Decree of Absolute Divorce
3. Decree of Annulment or Nullity of Marriage

Kung sakali naman na ang isang tao na inakalang patay na ay biglang lumitaw o biglang nagpakita, kinakailangan niyang magsumite ng "Affidavit of Reappearance" upang awtomatikong mawalan ng bisa ang pag-aakalang siya ay patay na. Ang anumang kasal na naganap sa panahon na inakalang patay na ang isang tao ay awtomatiko ring mawawalan ng bisa.

Samantala , kung ang pag-uusapan naman ay simpleng pag-aakala lamang na patay na ang isang tao ngunit walang kinalaman sa muling pagpapakasal ng naiwang kabiyak, sinasabi sa Article 390 ng ating Civil Code na mangangailangan ng pitong (7) taon na hindi na nakikita ang isang tao upang akalaing ito ay patay na, **maliban na lamang** kung ang pag-uusapan ay ang paghahati ng ari-arian ng isang taong inakalang patay na. Kung hahatiin na ang naiwang ari-arian ng isang inaakalang patay na, sinasabi rin sa Article 390 na kinakailangang palipasin muna ang sampung (10) taon bago gawin ang paghahati-hati. Samantala, sapat na ang limang (5) taon kung ang nawawala ay mahigit na sa pitumpu't limang (75) taon ang edad at apat (4) na taon naman ang kailangang palipasin kung ang pagkawala ay nabibilang sa sa mga sitwasyon na mataas ang "danger of death" na binabanggit sa Art. 391 ng ating Civil Code.

Sa kabilang dako, kung ang taong inakalang patay na ay biglang nagpakita o hindi man nagpakita ay napatunayang buhay pa, maaari nitong mabawi ang mga ari-ariang hinati kung ang mga ito ay matutunton pa maliban sa naging tubo o renta dito (Art. 392, Civil Code).

Para sa ibang katanungan na may kaugnayan sa mga ito, mangyaring sumangguni po tayo sa mga abogado.

# ZOLETA, CEPENA, AT LASQUITE, BAGONG SCHOLARS NG ST. MARTIN COOP

NI: MADENE DELA CRUZ

**"Edukasyon ang susi sa tagumpay", iyan ang isa sa mga kasabihan na madalas nating marinig. Ano nga ba ang pinto na kayang buksan ng edukasyon? Hindi madali ang makakuha ng degree sa kolehiyo dahil sa hirap ng buhay ngayon. Maaring libre na ang matrikula sa mga pambansang unibersidad at pampublikong kolehiyo ngunit hindi ito sapat upang tuluyang matugunan ang pangangailangan ng isang estudyanteng nagnanais magkaroon ng mataas na edukasyon. Dahilan kaya't maraming estudyante na papasok pa lamang sa kolehiyo ay napagsaraduhan na ng kanilang mga pangarap -- ang edukasyon.**

Kaya naman, patuloy ang St. Martin Coop sa pagtulong sa mga estudyanteng nangangarap na makatapos ng pag-aaral. Sa taong 2018, tatlong mapapalad na estudyante mula sa mga nagsipagtapos ng Senior High School ang nabigyan ng college scholarship. Sila ay sina Antoneth C. Zoleta ng Bunlo, Caren Joy B. Cepena ng Balagtas, at Emeross G. Lasquite ng Meycauayan.

Lahat sila ay pumasa sa pamantayang itinakda ng Kooperatiba ukol sa pagkakaloob ng scholarship tulad ng mga sumusunod: (1) may kapamilya na miyembro ng St. Martin Coop, (2) kabilang sa Top 20 ng mga nagsipagtapos ng Senior High School, at (3) nakakuha ng mataas na score sa pagsusulit na isinagawa ng Dr. Yanga's Colleges, Inc., partner ng Kooperatiba sa Scholarship Program na ito.

Kaakibat ng programang ito ay ang pagpapanatili ng kanilang general weighted average na hindi bababa sa 2.0% sa bawat taon ng kanilang kursong napili. Si Antoneth at Caren Joy ay kukuha ng kursong BS Business Administration samantalang si Emeross naman ay kursong BS Accountancy ang kukunin. Bilang bahagi ng kanilang pagsasanay at upang sila'y magkaroon ng kaalaman ukol sa mga gawaing pang-kooperatiba, sila ay naatasang maglaan ng 40 oras bawat buwan upang tumulong sa mga gawain sa opisina.

Ang scholarship na ito ang daan tungo sa pagtamo ng kanilang mga pangarap at inaasam na tagumpay sa hinaharap. Congratulations Antoneth, Caren Joy, at Emeross – ang bagong batch ng college scholars!







*Ang ika-limang batch ng college scholars ng St. Martin Coop. (mula sa kaliwa) Antoneth C. Zoleta, Caren Joy B. Cepena, at Emeross G. Lasquite*

Masayang tinanggap ng Musmos scholars ang kanilang school supplies mula sa St. Martin Coop.



# SCHOLARS NG TULONG PAARAL KAY MUMOS, 44 NA!

NI: ALLAN EUGINE S BAIZA

**Simula pa noong mag-umpisa ang St. Martin Coop, layunin na nito na makatulong sa mga komunidad na sakop ng operasyon nito. Isa sa mga programang tumutugon sa layuning ito ay ang St. Martin Musmos Aralan at ang Tulong Paaral kay Musmos Scholarship Program.**

Taong 2017 nang huling isagawa ang Musmos Aralan sa barangay Bunlo at Biñang 1st sa bayan ng Bocaue. Humigit-kumulang animnapung (60) bata ang pumasok sa Musmos Aralan at naturuan sa klase tuwing Sabado ng mga nagboluntaryong kawani ng St. Martin Coop. Matapos ang ilang buwan ng masusing pag-aaral ng mga bata, may sampung (10) umangat sa klase at siyang ginawaran ng Tulong Paaral kay Musmos Scholarship. Ito ay naglalayong makatulong sa pagpapaaral ng mga anak ng mga kapos sa buhay kaalinsabay ng hangaring maiangat ang antas ng pamumuhay ng mga pamilyang nasa pinaglilingkurang komunidad.

Noong ika-2 ng Hunyo 2018, muling inanyayahan ng St. Martin Coop ang tatlumpu't apat (34) na batang naunang nakatanggap ng Tulong Paaral at ang sampung (10) mga bagong iskolar upang pumirma ng kontrata. Kasabay nito, pinagkalooban din sila ng school supplies, bags at school uniforms upang magamit sa eskuwela.

Isang magandang adhikain ng Kooperatiba na maisakatuparan ang pangarap na edukasyon ng mga magulang para sa kanilang mga anak upang magkaroon ng magandang hinaharap. At katuwang ng bawat magulang ng mga batang iskolar ang St. Martin Coop sa una nilang hakbang sa pag-abot ng kanilang mga pangarap.

# Limang Bayan at Bethlehem, Nabiyayaan

NI: ROWENA DJ. CELESTINO



**Nagsagawa ng isang gift giving activity ang mga kawani ng St. Martin Coop sa pamumuno ng Human Resource Department noong ika-22 ng Disyembre 2018 sa bayan ng Bocaue, Balagtas, Guiguinto, Marilao at Meycauayan. Tatlumpu't anim (36) na katao/pamilya ang nabiyayaan ng grocery items. Gayundin, noong ika-5 ng Enero 2019, ang bahay-ampunan na Bethlehem House of Bread sa Baliuag, Bulacan ay napili ring pagkalooban ng mga donasyon tulad ng mga sangkap sa pagluluto, mga gamit sa paglilinis, school supplies, kiddie bags, piggy banks, at mga pagkain.**

Taun-taon, may ganitong programa ang mga kawani ng Kooperatiba upang maipadama ang diwa ng kapaskuhan at maibahagi ang mga biyaya't pagpapalang tinatamo sa mga higit na nangangailangan.

*Nagbahagi ng tulong ang St. Martin Coop sa Bethlehem House of Bread gayundin sa iba't ibang pamilya sa limang bayan ng Bulacan.*



Ang mga delagado ng King MPC kasama ang management staff ng St. Martin Coop



# KING MPC MEETS ST. MARTIN COOP

NI: PRINCES G. DELA CRUZ

**Sa patuloy na paglago ng St. Martin Coop, ito ay nakikilala hindi lamang sa lalawigan ng Bulacan kundi sa iba pang lugar sa Luzon, Visayas at sa Mindanao. Taun-taon, iba't-ibang kooperatiba ang bumibisita upang makapagsaliksik at matuto ng mga taktika at pamamaraan na maaari nilang magamit sa higit pang ikaaayos ng kanilang operasyon.**

Isang kooperatiba na nagmula sa Mindanao ang pinaunlakan ng St. Martin Coop na makapaglakbay-aral noong ika-13 ng Hulyo 2018. Ito ay ang King Multi-Purpose Cooperative ng Davao City. Ang kanilang delegasyon na binubuo ng dalawampu't dalawang (22) Branch Managers ay pinangunahan ng General Manager nito na si G. Nestor Ortigoza.

Ibinahagi ng St. Martin Coop, sa pamamagitan ng audio visual presentation, ang history at best practices kung bakit at paano narating ng Kooperatiba ang kasalukuyang estado. Nagkaroon din ng kaunting salu-salo na sinundan ng open forum upang mas maunawaan pa ang mga programa at polisiya ng Kooperatiba.

Hangarin ng St. Martin Coop na patuloy na makapagbigay ng mga aral at karanasan sa mga bumibisitang kooperatiba. Sa payak na paraang ito, nawa ay mapaigting pa ang kanilang layunin na makatulong sa pag-angat ng buhay ng kanilang mga miyembro.

# MGA ASYANONG KOOPERATIBA, BUMISITA

NI: SUNSHINE GONZALES

**Nagsagawa ng lakbay-aral sa St. Martin Coop ang ilang kooperatiba mula sa Asya noong ika-13 ng Setyembre 2018. Ito ay nilahukan ng dalawampu't dalawang (22) delegado ng mga kooperatiba sa mga bansang Thailand, Indonesia, Singapore, Hong Kong, Bangladesh at Pilipinas. Ang lakbay-aral na ito ay bahagi ng Asian Credit Union Forum 2018 na may temang "Rekindling Raiffeisen's Ideologies in the Heart of Every Credit Union" na itinaguyod ng Association of Asian Confederation of Credit Unions (ACCU) sa pakikipagtulungan ng Philippine Federation of Credit Cooperatives (PFCCO) at National Confederation of Cooperatives (NATCCO).**

Tampok sa lakbay-aral na ito ang pagpapalabas ng audio visual presentation



ng history at best practices ng St. Martin Coop. Inilahad rin ni CEO Cristy Naigan ang mga CSR activities, iba't ibang benepisyong pang-kasapian at ilang datos hinggil sa komposisyon ng kasapian nito.

Upang higit pang makapagbahagi ang pamunuan ng St. Martin Coop ng mga naging karanasan nito sa maayos na pamamalakad, nagkaroon ng open forum na kung saan, malayang nakapagtanong ang mga delegado tungkol sa iba't ibang usapin tulad ng collection, human resources, savings at loan products. Sa huli, nagpasalamat ang isa sa kinatawan ng ACCU sa mahusay at mainit na pagtanggap ng St. Martin Coop sa mga bumisitang kooperatiba buhat sa iba't ibang bansa sa Asya.



Masayang nagpakuha ng larawan ang mga opisyal at management staff ng St. Martin Coop kasama ang mga bisita mula sa iba't ibang bahagi ng Asya

# DORMANT KA BA?

NI: PRINCES G. DELA CRUZ

Ang St. Martin Coop ay isang institusyong nagpapatupad at nag aawas ng Dormancy fee sa mga Associate Savings, St. Martin Cares Savings (SMCS) at TIPID Savings na sumailalim sa estadong dormant . Ang dormant account ay ang hindi paggalaw ng savings account sa paraang pagdedeposito o pag-withraw sa loob ng dalawang taon .

Ipinababatid ng St. Martin Coop na ang mga sumusunod na miyembro ay sumailalim sa estadong ito at aawasan ng buwanang dormancy fee: P30.00 kada buwan para sa Associate Savings at SMCS, P20.00 kada buwan para sa TIPID Savings. Ito ay magpapatuloy hangga't hindi pinapare-activate ang dormant savings account.

**BUNLO**

| | |
|---|---|
| 11715165777 | AGUSTIN, ELISEO S. |
| 11718088154 | ANDRES, ANGELA RIANNE C. |
| 11709102874 | ANDRES, GIAN ERIN C.0 |
| 11715156919 | BARDA, MYRNA V. |
| 11716171906 | BASISTER, RENELYN D. BY BASISTER, ELIZABETH |
| 11712126467 | BAUZON, CONCEPCION |
| 11715165324 | BIHAG, PAT REY B. |
| 11715158403 | CAÑOSO, MARIELLE M. |
| 11716189482 | CAPIRAL, LANZ CLIFFORD D. |
| 11709102892 | CATAHAN, ARJAY JOSEPH B. |
| 11716180490 | CRISOSTOMO, MERLYN D. |
| 11716177140 | CRUZ, MONIQUE R. |
| 11706073697 | DE CASTRO, EFRAIM |
| 11715163007 | DE LARA, RAYBEN M. BY DE LARA, MARILYN N. |
| 11716188748 | DECIO, MICHELLE D. |
| 11713133428 | DEL ROSARIO, JASTINE M. |
| 11716175869 | DELA CRUZ, ARIEL B. OR CARTAGINA, MIRASOL O. |
| 11715170928 | DELA CRUZ, JESEBEL P. |
| 11715164732 | DELA CRUZ, PAUL JHERTY B. |
| 11716174213 | DELOS SANTOS, JAIME C. |
| 11707082120 | ESCULTOR, HEIDEE |
| 11716185316 | EVANGELISTA, PAULYN D |
| 11715165120 | FERNANDEZ, JACKILYN R. |
| 11713137691 | FERRER, ANGELA KATE C. BY FERRER, PRECY M. |
| 11716188243 | FLORES, JOSHUA F. BY FLORES, MARY ANNE |
| 11713144132 | FRAGA, AUBREY V. BY BALBIN, ANNABELLE P. |
| 11716185431 | FRANCISCO, JENNELYN J. |
| 11715160471 | GONZALES, ROSALINDA F. |
| 11715164307 | GONZALES, ROWENA V. |
| 11713144503 | GUTIERREZ, CHRISTIAN JOSEPH P. BY GUTIERREZ, EMIELYN P. |
| 11715164778 | IGNACIO, MARY JANE F. BY IGNACIO, MARIO P. |
| 11715168367 | ISIDRO, NORBERT D. |
| 11716190035 | JOSE, JED A. BY AÑONUEVO, MERIAM J. |
| 11716188739 | JULIAN, KHRISTINA L. |
| 11715159323 | JUNIO, RITO G. |
| 11716171836 | LAXAMANA, JEAN TRIXCIE M. BY ESTORGIO, REGINA M. |
| 11714156125 | LUTAO, MERCEDITA D. |
| 11715162682 | MENDOZA, ADRIAN L. BY MENDOZA, ROSARIO L. |
| 11712128256 | MENDOZA, CECILIA M. |
| 11716174976 | MENDOZA, CRISANTO M. |
| 11716190275 | MORANTE, ADAM IRIE M. BY MACABUGAO, REGINA C. |
| 11716190284 | MORANTE, AIDEN MIKAEL M. BY MACABUGAO, REGINA C. |
| 11716189084 | NIETO, FREDERICK S. |
| 11716188711 | OFRACIO, JEROME D. |
| 11715160648 | ORDINARIO, ARMANDO D. |
| 11716186865 | PAGUIRAN, ROSE ANN A. |
| 11715170557 | PALISOC, JOHN CARL C. BY BERBOSA, MELANIE C. |
| 11716188702 | RAMOS, JEWELLYN M. |
| 11716187518 | RAYMUNDO, MARY GRACE N. AND CASTRO, ALMAR F. |
| 11716185893 | RIVERA, AMELIA D. |
| 11716175799 | RIVERA, NARCISO M. |
| 11716188720 | RIVERO, LOUISE LANNE VILLA V. |
| 11716189437 | ROLLOQUE, NIEL ARAGO A. BY AMADO, LIEZL S. |
| 11712127679 | SAN JUAN, JEFFEREY D. OR BUNAG, CHERRY D. |
| 11713138423 | SANCHEZ, JOHN PRICHARD T. |
| 11715160718 | SANTIAGO, VICTORIA D. OR SANTIAGO, RICARDO M. |
| 11716185574 | SANTOS, EMERENCIANA R. BY GONZALES, ERLINDA S. |
| 11713135240 | SANTOS, EUNALYN M. BY BENJAMIN, JANE MARIE |
| 11715164662 | SARMIENTO, ASHLEY NICOLE B. BY SARMIENTO, MARIE BLESS B. |
| 11715165786 | SARMIENTO, KURT IVAN S. BY SARMIENTO, MARIE BLESS B. |
| 11702002630 | SUNGA, JEFFREY F. BY SUNGA, GIRLIE F. |
| 11702035990 | TAN, KARL |
| 11702032660 | TAN,KEVIN |
| 11715162257 | TAYAN, KAREN A. BY GERMAN, FELICIDAD |
| 11713143249 | VICTORIANO, TRISHA CHAELA A. |
| 11716190211 | ZAFRA, ESKY MARIE D. BY ZAFRA, MA. CRISTINA |

**POBLACION**

| | |
|---|---|
| 10715608732 | ABACAN, KING PHILIP I. |
| 10716629893 | ABRACERO, ROSE ANGELA R. |
| 10716632523 | ABUTAL, ROWENA P. |
| 10702010830 | ADATO, JHOANNA R. |
| 10716626878 | AGCAOILI, ANGELITO |
| 10715617420 | ALBERTO, BERNADETTE M. |
| 10714598702 | ALBINO, RENATO H. |
| 10716633373 | ALCANAR, RICA Z. |
| 10713579287 | ALEJANDRO, ALIYAH T. |
| 10715600572 | ALEJANDRO, ARGIE T. |
| 10711550127 | ALEP TRADING: DE LEON, ANGELITO |
| 10714594061 | ALERTO, FRANCE SYRUS J. |
| 10716629741 | ALMIRANTE, CHARISSE ANNE L. |
| 10713584711 | ALMOROTO, MARION RAVEN R. |
| 10713583794 | AMADA, LILIBETH V. |
| 10712566824 | AMADA, RAIN JUSTINE V. |
| 10715612540 | AMOG, NEZY A. |
| 10716624384 | AMOG, NOELITO |
| 10714596661 | ANASTACIO, CARMELLA A. |
| 10714597749 | ANDRES, AARON A. |
| 10714594937 | ANDRES, JOHNCIENT CARL C. |
| 10716628159 | ANDRES, KADE AXCEL KIM D. |
| 10713575184 | ANDRES, RHEIGNZELLE C. |
| 10715621201 | ANGAGAN, EDLYN C. |
| 10714597299 | ANGEL, QUISERINE V. |
| 10715607557 | ANZURES, JASMIN B. |
| 10715606318 | ARAGON, ENGRACIA M. |
| 10716637209 | ARCIAGA, RONALDO C. |
| 10715621043 | AURELIO, MILAGROS C. |
| 10702017810 | AURELIO, TRISTAN C. |
| 10716630853 | AVINANTE, ROXANNE R. |
| 10712563906 | AYUYAW, ROSELL D. |
| 10716628876 | BACOLOD, JOVITO P. |
| 10716629042 | BADILLO, KHYM B. |
| 10715620655 | BADUA, GEOBERT R. |
| 10715619491 | BAJA, JENEVE |
| 10704089844 | BANGCONG, MELANIE P. |
| 10716626063 | BEDES, ISIDRO I. |
| 10708116426 | BELOLO, CYNTHIA A. |
| 10716630835 | BERNABE, AXL ROSE M. |
| 10707110061 | BERNARDO, SHANAIAH FAYE L. |
| 10712555891 | BINUYA, DAISYRIK E. |
| 10713582500 | BLAS, FERNANDO G. |
| 10713582333 | BLAS, ROANALYN D. |
| 10715607353 | BOLIVAR, XENNA YESHA R. |
| 10714594405 | BOTALON, RENZ D. |
| 10715605805 | BRAVO, RICHARD B. |
| 10707108216 | BUENAFLOR, CARL ANGELO A. |
| 10716635043 | BUENAVENTURA , SOPHIA RAFIELLE DC. |
| 10716635052 | BUENAVENTURA, SHAUN RAFAEL DC. |
| 10712561795 | BUICO, CEE JHAY D. |
| 10716632499 | CABAGUING, REMY JOY |
| 10715607803 | CABUHAT, MARJORIE L. |
| 10712558481 | CAMILON, JOSIAH FRITZ F. |
| 10716634761 | CAMPANO, ZACH ISAIAH E. |
| 10715603490 | CANDELARIA, JESS RAEL S. |
| 10716627309 | CANET, MA. CRISANTA A. |
| 10713577465 | CASAYSAY, DIANNE IRISH P. |
| 10716636167 | CASTILLO, CASSANDRA BIANCA R. |
| 10712562068 | CASTILLO, CATHLEA BEATRIZ R. |
| 10716631515 | CASTILLO, JERMILYN C. |
| 10715620211 | CASTRODES, ROGELIA T. |
| 10716623987 | CATIIS, JOAN |
| 10716624481 | CEBALLOS, MA. ISABEL R. |
| 10709125865 | CELESTINO, MYRA D. |
| 10713584793 | CO, MARLYN D. |
| 10716623312 | CODERA, SHEILA L. |
| 10712557118 | COHAY, JUN KLIEN A. |
| 10713582564 | COMINGUEZ, ANGELICA L. |
| 10714597970 | COMPLIDO, MARICEL C. |
| 10711549529 | CONQUILLA, JENNIFER U. |
| 10715605434 | CORPUZ, AQUILINA V. |
| 10713572947 | CORRAL, ANGEL ROSE J. |
| 10715600767 | CORSINO, MARGIE B. |
| 10714597989 | CORTEZ, RONNEL M. |
| 10716628654 | CRISOSTOMO, ALIAH NICOLE |
| 10716633568 | CRUZ ARIEL, S. DELA |
| 10715608699 | CRUZ, CHRISTOPHER L. |
| 10716626841 | CRUZ, EFREN JR. R. |
| 10716629194 | CRUZ, HELEN S. |
| 10713583563 | CRUZ, JASTINE HENRY L. |
| 10706105956 | CRUZ, PATRICK CARL D. |
| 10716629060 | CRUZ, ZHAKI E. |
| 10710131944 | CUATE, ROSE ANN S. |
| 10709126001 | CUEVA, ANGELITO D. |
| 10711550330 | D'TEN |
| 10716632602 | DADO, LHYNE ROSE S. |
| 10716626595 | DALEN, MILA ROSE Y. |
| 10702009130 | DAVID, JAYVEE R. |
| 10709121803 | DAVID, JOEL M. |
| 10707110627 | DAVID, REGINE |
| 10712563784 | DAVID, VINZ LEONOLI G. |
| 10711552471 | DE ALCA, ANGELINA B. |
| 10715608884 | DE CASTRO, LERMA D. |
| 10716632073 | DE CASTRO, MELANE D. |
| 10712558153 | DE GUZMAN, AIZA E. |
| 10713584702 | DE GUZMAN, JOHN LOUIE D. |
| 10716629972 | DE LEON, MYLENE C. |
| 10716636422 | DE VERA, GIO JOSHUA B. |
| 10705100678 | DEL CASTILLO, LUISITO E. |
| 10715601915 | DEL MUNDO, JESSTONY C. |
| 10715601997 | DEL ROSARIO, CHLOE ABIGAILE |
| 10716624255 | DEL ROSARIO, CZYRILL S. |
| 10716635034 | DELA CRUZ, DONNA A. |
| 10716628885 | DELA CRUZ, GERLIE C. |
| 10715622112 | DELA CRUZ, JOMARIE T. |
| 10714592966 | DELA CRUZ, JONA MAY A. |
| 10716637227 | DELA CRUZ, MA. CRISELLE F. |
| 10715602048 | DELA CRUZ, MARIE LOUIE D. |
| 10707109210 | DELA CRUZ, NICKO G. |
| 10716625091 | DELA CRUZ, RIZZA S. |
| 10715610135 | DELIT, HAZZEL S. |
| 10712554467 | DELOS REYES, JOCELYN D. |
| 10713572637 | DELOS REYES, MA. JINA Z. |
| 10715619969 | DELOS REYES, MIA LYN A. |
| 10714593202 | DELOS SANTOS, ARON L. |
| 10709121456 | DELOS SANTOS, ELIZABETH C. |
| 10715602668 | DELOS SANTOS, JOIE S. |
| 10714600043 | DENOSO, CHARMAINE L. |
| 10713585163 | DIALINO, DHALE XYMONE B. |
| 10710128601 | DIAZ, EDMER KHRYSALL A. |
| 10715617439 | DIAZ, LEAH T. |
| 10716626197 | DIAZ, MANUEL U. |
| 10716627293 | DIONSON, NITA E. |
| 10716625408 | DOMINGO, DANILO A. |
| 10715617208 | DOMINGO, EUANN DANE GABRIELL |
| 10715617192 | DOMINGO, ROSE ANN S. |
| 10716624621 | DON, MAYBELL D. |
| 10715617013 | DOSAL, OLIVER L. |
| 10714599950 | DUERME, MARIA ELIZABETH A. |
| 10714587821 | DUMAYAG, EDGARDO G. |
| 10713577058 | DUMAYAG, EDWIN C. |
| 10713578057 | DUMAYAG, EDWIN C. |
| 10703082015 | DYCI-ELEM. DEP'T |
| 10707109621 | ECHANEZ, AURELIO M. |
| 10716624375 | ENRIQUE, JAYSON C. |
| 10713576226 | ENRIQUEZ, CAROLINA C. |
| 10714593211 | ENRIQUEZ, JASMIN R. |
| 10712572180 | ERSAN, KARL LUIS A. |
| 10716632879 | ESCARIAGA, IDA ROSE C. |
| 10713577456 | ESGUERRA, JULIANA ALOYSIUS A. |
| 10713576703 | ESPAYOS, GABRIEL A. |
| 10715608006 | ESPERANZATE, JIMMY C. |
| 10702004670 | EUGENIO, CKRXZY ANNE NIKOL L. |
| 10713574404 | EUGENIO, LIWAYWAY N. |
| 10716639623 | FAJARDO, ANGEL D. |
| 10716632863 | FERRER, ROMY A. |
| 10716625569 | FLAVIANO, ROMELLA PATRICIA S. |
| 10716623385 | FLORES, EVELYN M. |
| 10715606062 | FRANCISCO, ADRIANNE D. |
| 10715602400 | FRANCISCO, ENJELLYMIE D. |
| 10706105241 | GABRIEL, ODESSA N. |
| 10713577793 | GADON, MARLYN M. |
| 10716627150 | GALLANO, JONA N. |
| 10714597068 | GALVEZ, JUSTINE ROBERT L. |
| 10710128422 | GARCIA, ABISHAI JESSE D. |
| 10716623774 | GARCIA, APRIL F. |
| 10715621177 | GARCIA, BABYLYN S. |
| 10710128395 | GARCIA, IRYLLE ANNE D. |
| 10707110164 | GARCIA, MA. THERESA R. |
| 10715617411 | GERONGA, AIREEN B. |
| 10715620585 | GERSALIA, CATHERINE MAE |
| 10716628803 | GEVERO, EVELYN B. |
| 10716626601 | GONZALES, ESTRELITA A. |
| 10713577933 | GONZALES, LOIDA B. |
| 10712567878 | GONZALES, RAIDEN G. |
| 10713584313 | GOROSPE, MANILYN F. |
| 10715609360 | GRUSPE, DAISYLYN F. |
| 10714596193 | GUMASING, BON JOVI L. |
| 10715604134 | GUTIERREZ, ANJO L. |
| 10716628140 | HAGURING, RICHARD J. |
| 10709123102 | HERNANDEZ, JOHN NICHOLE C. |
| 10710129456 | HIPOLITO, CLARIBEL G. |
| 10716638402 | ICASIANO, CLARISE MAE P. |
| 10707110646 | INGAT, GEIAN J. |
| 10707110601 | INGAT, GENELYN |
| 10716624348 | INGGO, GIRLIE ROSE G. |
| 10712571136 | JALOVA, CHERRYLYN M. |
| 10715608121 | JAVIER, HEART JILIANNE S. |
| 10714596342 | JORGE, JAZZTINE G. |
| 10711552709 | JOVITA, MARTIN B. |
| 10716627062 | JULIANO, TIMMY JOY |
| 10714597633 | LACHICA, JOEL T. |
| 10716637023 | LANDAYAN, SHAIRA MAY M. |
| 10714599941 | LAZARO, FE A. |
| 10702033970 | LEONARDO, MAC DARRYL M. |
| 10716624658 | LIM, ANGELICA E. |
| 10715608079 | LLANETA, JAM MORIEN N. |
| 107156082644 | LLANETA, JAMES PHILIP P. |
| 10712565986 | LLANETA, JEMALYN N. |
| 10713580034 | LOBO, LEONIDA B. |
| 10715600776 | LOPEZ, JOSEPH C. |
| 10716624296 | LOPEZ, RESLIE ANNE M. |
| 10711545514 | MACARIO, AMY MILA ROSA D. |
| 10715612179 | MADDELA, GERALD J. |
| 10716630756 | MADLA, MILAGROS G. |
| 10709122880 | MAGBITANG, LOREN D. |
| 10716630695 | MALLARI, MARY JANE B. |
| 10706107062 | MAMARIL, ANDREW C. |
| 10707110038 | MAMARIL, RETCHEL C. |
| 10715601191 | MANABAT, TRISHA MAE L. |
| 10716629185 | MANALAD, MARILYN M. |
| 10714593053 | MANALO, CATHLEENE L. |
| 10716632620 | MANDAC, LEONARDO E. |
| 10707110920 | MANDAP, JONATHAN B. |
| 10715603807 | MANIQUIZ, SHERYLL G. |
| 10715607991 | MANZANO, KIMBERLY G. |
| 10716632930 | MARA, MARGIE LORRAINE T. |
| 10716631311 | MARCAIDA, MIA LOUISE S. |
| 10716630871 | MARIANO, GLYDEL G. |
| 10715611231 | MARINO, ANJELYNE R. |
| 10715611277 | MARINO, MARK JOSEPH R. |
| 10716624472 | MARISTELA, REGINA D. |
| 10716631232 | MARTINEZ, NICOLE G. |
| 10712556182 | MAURICIO, ELPIDIO M. |
| 10709126887 | MAURICIO, LYKA R. |
| 10716635609 | MENDIOLA, JEMIMA D. |
| 10711545824 | MENDOZA, EDELISSA B. |
| 10710544439 | MENDOZA, JAIME EZEKIEL L. |
| 10712556757 | MENDOZA, MARIELLE ABIGAIL D. |
| 10716625107 | MENDOZA, PRINCESS ANGEL S. |
| 10709123570 | MICIANO, MICHAEL S. |
| 10714595015 | MIJARES, RIA MITCH M. |
| 10713586931 | MILAGROS TRADING |
| 10716628955 | MINESES, EDGAR M. |
| 10713581431 | MIRANDA, ALIYAH VENICE G. |
| 10713587152 | MISSION, JING-JING V. |
| 10713576581 | MOLENO, JAIME A. |
| 10714599914 | MONREAL, ANGELO B. |
| 10712565834 | MONREAL, JOHN BENEDICT B. |
| 10712566374 | MONTEBON, MARINEL M. |
| 10716634901 | MORALES, EBELINDA M. |
| 10715604125 | MORALES, EDJEK T. |
| 10711552028 | MORALES, KRIS M. |
| 10715609421 | MORENO, MELINDA J. |
| 10716626832 | MUJAR, JENNY M. |
| 10712563003 | NACUSPAG, CHRISTIAN N. |
